

PARA SA AGARANG PAGLABAS

Ipagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang International Women's Day

BRAMPTON, ON (Pebrero 24, 2022) – Ipagdidiriwang ng Lungsod ng Brampton ang International Women's Day sa Marso 8 nang may personal na mga event para iangat ang kamalayan sa napagtagumpayan at epekto ng mga babaeng Bramptonian na nakapag-ambag sa Brampton na maging akmag tirahan, mapagmalasakit at masagana tulad ng sa kung ano ito ngayon.

Mga Talakayan ng Panel at Pangunahing Ideya sa International Women's Day

Marso 8, 5 – 7 pm

Sa pakikipagtulungan sa Zonta Club ng Brampton-Caledon, ipipresenta ng Lungsod ng Brampton ang dalawa, personal na mga talakayan ng panel na iho-host ni Jam Gamble at moderated ng mga Konsehal na sina Charmaine Williams at Rowena Santos.

- Sabihin ang Hindi sa Karahasan Laban sa Kababaihan: Pagkakalakal ng Tao
- Lokal na mga Babae at Kung Paano Sila Nakakaambag sa Landscape ng Pagpapalakas sa Kababaihan sa Brampton

Kasunod ng mga sesyon na ito, ang pangunahing ideya (keynote) ay ibibigay ni Samra Zafar, award-winning na kilala sa mundo na tagapagsalita, best-selling author at educator para sa pagkakapantay-pantay, kalusugan ng isip, at mga karapatang pantao.

Ang mga sesyon na ito ay magpapasama-sama sa mga eksperto at mga partner ng komunidad para talakayin ang mahalagang mga usapin na ito.

Salamat sa isponsor ng event, ang Coca-Cola Canada Bottling Limited.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa International Women's Day event, bisitahin ang brampton.ca/IWD

Experience Box

Ang limitadong edisyon na ito, ang mga curated gift box ay nagtatampok sa mga produkto at mga serbisyo mula sa lokal na mga negosyong pag-aari ng kababaihan. Kabilang sa mga box ang:

- Hydrating Face Masks ng Moodgxl
- Affirmation Cards ng The Sankalpa Project
- Bath Bombs ng Aroma Comforts 4 U
- Herbal Bath Salts ng Fruits and Roots Holistics
- At marami pa!

Ihahatid ang mga box sa unang 50 katao na makakagawa ng pagkakawang-gawang donasyon na di bababa sa \$20 sa [The Ellen House](#).

Pagpapalakas sa mga Entrepreneur

Ikinagagalak ng Brampton Entrepreneur Centre na suportahan ang tatlong paparating na mga event na nagpapasiklab sa diskusyon sa pagpapabilis ng pagkakapantay ng kasarian, magkaroon ng makahulugang mga pag-uusap kasama ang mga babaeng pinuno na nag-iiwan ng bakas at ipagdiwang ang mga babaeng negosyante sa ating komunidad.

- Marso 2: [InspiHer](#) na ihohost ng Brampton Board of Trade
- Marso 9: [#BreakTheBias The Changing Face of Canada's Workplace](#) na iho-host ng Brampton Board of Trade
- Marso 10: [IWD2022 #BreakTheBias](#) iho-host ng StartUp Peel

Mga Quote

“Sumama sa amin nitong International Women’s Day habang ipinagdiriwang natin ang mga napagtagumpayan ng dedicated na mga babae sa ating komunidad na gumawa sa Brampton sa kung ano ito ngayon. Hinihikayat ko ang lahat na lumahok sa kaganapan sa Marso 8 para makibahagi sa makahulugang mga diskusyon kasama ang Zonta Club Brampton-Caledon at ang passionate keynote mula sa award-winning na tagapagsalita na si Samra Zafar.”

- *Patrick Brown, Mayor, Lungsod ng Brampton*

“Sa Marso 8, International Women's Day, pinapatibay natin ang ating commitment na gumawa ng sistematikong mga pagbabago para makamit ang ganap na pagkakapantay-pantay ng kasarian habang kinikilala ang mga nag-iwan ng bakas sa lungsod na ito. Isang karangalan na makasama sina Samra Zafar, Jam Gamble at ang Zonta Club Brampton-Caledon para pamunuan tayo sa ilang mahalagang diskusyon.”

- *Rowena Santos, Rehiyonal na Konsehal, Wards 1 at 5*

“Sa International Women's Day, ipagdidiriwang natin ang kapangyarihan at lakas ng kababaihan na siyang at patuloy na gulugod ng ating komunidad. Sumali sa amin sa Marso 8 sa personal na talakayan ng panel at keynote event para pag-usapan ang tungkol sa mahalagang mga paksa sa komunidad tulad ng maling akala sa pagkakalakal ng tao (human trafficking), hindi pagkakapantay-pantay ng kasarian at marami pa. Magandang makita ang pagtutulungan sa pagitan ng napakaraming mga partner sa komunidad para magawang tagumpay ang event na ito.”

- *Charmaine Williams, Konsehal ng Lungsod, Wards 7 & 8*

“Sa Marso 8 at araw-araw, mahalagang ipagdiwang natin at kilalanin ang mahalagang mga napagtagumpayan ng maraming babae sa ating buhay. Ang team sa Lungsod ng Brampton ay binubuo ng kamangha-manghang mga babae na nagpapanatili sa organisasyon at komunidad na ito na magkakasama, matagumpay at umuunlad.”

- *Paul Morrison, Interim Chief Administrative Officer, Lungsod ng Brampton*

Bilang isa sa napakabilis na lumalaking lungsod sa Canada, ang Brampton ay tahanan ng 700,000 tao at 75,000 negosyo. Ang mga tao ang nasa gitna ng lahat ng ginagawa natin. Napapalakas tayo ng ating diverse na mga komunidad, hinihikayat natin ang pamumuhunan, at sinisimulan natin ang isang paglalakbay para pangunahan ang teknolohikal at pangkapaligirang inobasyon. Nakipag-partner tayo para sa pag-unlad upang magtayo ng isang nakalulusog na lungsod na ligtas, sustainable at matagumpay. Kumonekta sa amin sa [Twitter](#), [Facebook](#), at [Instagram](#). Alamin ang higit pa sa www.brampton.ca

KONTAK NG MEDIA

Multicultural Media ng Lungsod ng Brampton
multiculturalmedia@brampton.ca